# SIMOY NG TANGLUYAN

*by:*
**Edelisa D. Malang**
*Teacher III, Bonifacio Camacho National High School*

Bumulong ang malamig na hangin na nagmula sa maginaw na tubig. Dinama niya ang ihip nito habang hawak ang rosaryo at tangan ang walang katapusang dalangin. Nababagabag ang kaniyang kalooban dala ng kaba sa kompetisyong maaaring bumago sa kapalaran niya at ng kaniyang manlalaro.

Alintana sa kaniya ang ingay ng paligid. Mula sa bawat hampas ng tubig na nagsilbing sandata niya ang hubugin ang kaniyang manlalaro hanggang makarating sa nakalulunod na hangganan ng kanilang mga pangarap.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Pinilit niyang i-ahon sa tubig ang mga batang umaasa sa kaniya, mga batang lumalangoy sa kailaliman ng tagumpay, mga batang sumisisid sa tubig ng karangalan at mga batang nagsilbing kalakasan niya upang labanan ang malakas na paghila ng alon pababa sa hinahangad na rurok ng tangluyan.

Nalulunod ang damdamin niya sa kaba, umaasang may liwanag na sumilip sa kailaliman ng languyang tinatahak ng manlalaro niya. Kung anong lamig ng tubig ay siya ring lamig ng kaniyang mga kamay, inaasahang mahawakan at maramdaman ang init ng tropeyong inaasam niya para sa kaniyang manlalaro.

Umahon na ang kaniyang manlalaro. Tila umahon na rin sa kadiliman ng tubig ang mga pangamba niya. Niyakap ang manlalarong nagsilbing sandigan niya sa nakahihingal na indayog ng tubig. Nakawala na siya sa daluyong ng kompetisyong lumalamon sa kaniya paatras sa medalyang hinahangad niya.

Tumakbo sila papalapit sa entablado, tangan-tangan ang rosaryong hawak niya kanina pa. Hindi matangay ng tubig ang ngiti sa kaniyang labi, sinisid ng malakas na palakpakan ang kaniyang mga tainga. Hawak ng manlalaro niya ang tropeyong hinahangad ng sinuman. Ang medalyang isinabit sa kaniya ang mag-aahon sa pangarap niya mula sa kaibuturan ng languyang humubog sa pagkatao niya.

*References:*

https://www.athleteassessments.com/coaching-philosophies-from-sports-coaches/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan